Ang kasiyaha't kalungkutan
   C    G      Am               Em
Ng itim, dilaw, puti kong kapatid
    D      C   D    Em A7 D
Ay kasiyaha't kalungkutan
 C                  G
Ng buong daigdigan.

G C         G Am D G Am D
Padagundungin lahat ng tinig
       Em          B7        Em
Bawat puso'y laksan ng pintig
  G           C    G  Am D G  Am D
Hanggat may tiranong di pa nalulupig
Em                  B7          Em
Di pa tapos ang ating tungkulin.
```

```
        D  C        D C G
Wala tayong kalilimutan
    C       G       Am            Em
Panahong nawala’y babawiin
  G        D          C D       Em A7 D
Kadenang pang-alipin ay lalagutin
        C       D   G
Sa buong daigdigan.

  G        D          C D       Em A7 D
Kadenang pang-alipin ay lalagutin
        C       D   G
Sa buong daigdigan.
```

Mga Awitin Mula sa

# Dekada 80

**AWIT NG TAGUMPAY**

*Intro : Am-C-Dm-E*

```
     Am        C      Dm                  E
Bangon, bayan tayo'y magwawagi
  Am      C           Dm         E
Abot-tanaw ang bagong araw
   Dm     E       C                Am
Puso, diwa ng bayang dinusta
   Dm   E         C                Am
Sumisigaw, hustisya at paglaya
         Dm     E         C              Am
Ng bayang api, walang katarungan
    Dm    E    C                   Am
Daan-taong hawak ng dayuhan

     Dm       F      Gm              A
Sulong, bayan tayo'y magwawagi
   Dm       F      Gm            A
Ating yaman laging ipaglaban
    Gm      A       F                 Dm
Lupa, langit, dagat, kabundukan
   Gm      A           F           Dm                 Gm
Nasa kamay ng mga dayuhang mapang-api
     A          F              Dm
Ganid, mapagsamantala
    Gm    A        F          Dm
Kapit-bisig, hindi palulupig.
```

*Koro:*

```
   Gm                           E
Sumulong ka, bayan tayo ngayo'y lalaban
 F                                   Gm              A
Ubod lakas ang tinig isisigaw ang sulong
      Dm             F         Gm             A
Tibayan ang hanay gapiin ang kaaway  (2x)
(Sumulong ka, bayan tayo ngayo'y lalaban!)
```

```
    Dm        F       Gm              A
Sulong, bayan, tayo'y magwawagi
  Dm    F     Gm           A
Ipaglaban ating karapatan
   Gm        A     D                 Dm
Hilaga, timog, silanga't kanluran
    Gm    A        F                 Dm            Gm
Bawat sulok ng baya'y nagkakaisang tunay
 A          F             Dm
Ang buong kapuluan
   Gm    A      F           A
Kapit-bisig hindi palulupig!

     Dm       F        Gm                A
Bangon sulong, baya'y magwawagi
    Dm    F      Gm                A
Sabay-sabay sigaw ng tagumpay
     Gm        A      F              Dm
Lunsod, baryo, eskwela't pabrika
      Gm   A     F                Dm
Ihuhudyat, sigaw ng kalayaan
          Gm              A          F        Dm
Ng bayang may apoy sa diwa at dibdib
   Gm     A      F           Dm
Kapit-bisig, hindi malulupig!
```

*(Ulitin ang Koro)*

**PANATA NG BAYAN**

*Capo, 3rd fret*

```
  Am
Demokrasya, kalayaan
                              E
Katarungan at pagkakaisa
Am
Ito ang mga simulain
Dm                    E
Ng ating pakikibaka

Am
Nais natin ay lipunan
                             E
Na malaya at makabayan
Am
Nais nating ay lipunang
                              E
Makatao at makatarungan
Am                         Dm          E
Ito ang ating panata at paninindigan  (2x)
```

Demokrasya hindi diktadura
Kalayaan at hindi kadena
Kapakanan ng bayan, hindi ng dayuhan
Pagkakaisa ng buong bayan

Sulong bayan tayo’y magkaisa
Laban sa uring mapagsamantala
Bangon bayan, sulong bayan
Magkapitbisig tayo tungo sa tagumpay

*(Ulitin ang  huling tatlong saknong)*

## AWIT NG MAGSASAKA

*Intro: Dm*

     Dm
Sa kanayunan...
Libong magsasaka’y nawalan ng lupa
Gm                                  Bb            C              Dm
Upang bigayang daan taniman ng Multinasyunal

   Gm                              Dm
Panginoong maylupa, siya’y monopolista
Gm             Bb       C                    Dm
Sa hatian ng ani, lagi siyang lamang
   Gm                  Bb                     C              Dm
Nagkakamal ng yaman sa pagsasamantala
  Gm                  Bb      A7
Binubungkal na lupa’y pilit inaagaw

*Koro:*
    Dm
Hagupit ng kahirapan, pagpaslang
                    C               Dm
Pananakot at pandarahas
   Gm
Sagot ng militar
    Bb               C                 Dm
Sa daing ng aping magsasaka

    Dm
Sa kanayunan...  Bawat bungkal ng lupa’y
                  C                  Dm
Paghihimagsik, naipupunla
    Gm                     Dm
Apoy na babalot sa kanayunan
     C                                       Dm
Maririnig ang putok ng paglaya.

*(Ulitin ang Koro & huling saknong)*

Maririnig ang putok ng paglaya!

**DAPAT BAWIIN**

*Pasakalye: Em*

    Em
Tinatanong ko ngayon sa iyo

Kung hindi mo ba naiisip
            G
Na ang lupang ito'y sa atin
          D                        Em
At hindi sa lalong mayroon

*Koro:*
      Em            D                    Em
     Dapat bawiin (Dapat bawiin)
           Em                       D
     Ang lupang ito'y sa atin
                          Em
     Sa 'yo at sa kanya
                           D                         G
     Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose
                             D                          Em
     (Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose).

*(Same chords)*
Tinatanong ko ngayon sa'yo
Kung hindi mo ba naiisip
Na ang lupang ito'y nilinang
Natin sa ating mga kamay

*(Ulitin ang Koro)*

Ikaw ba’y nababahala
Sa awitin kong ito
Ikaw ba’y panginoong maylupa
O may-ari ng Pilipinas

*(Ulitin ang Koro)*

**TATSULOK**

```
 Bm                  F#m
Totoy bilisan mo, bilisan mo ang takbo
 Dm                                  G
Ilagan ang mga bombang nakatutok sa ulo mo
 Bm                     F#m
Totoy tumalon ka, dumapa kung kailangan
     G                        A        Bm
At baka tamaan ka ng mga balang ligaw.

 Bm                          F#m
Totoy makinig ka, huwag nang magpagabi
 Bm                              G
Baka pagkamalan pa’y humandusay d’yan sa tabi
 Bm                       F#m
Totoy alam mo ba kung ano ang puno’t dulo
    G                  A                 Bm
Ng di matapos-tapos na kaguluhang ito.
```

*Koro:*

```
 G                         B#m
Hindi pula’t dilaw ang tunay na magkalaban
 G                     F#m
Ang kulay at tatak ay di siyang dahilan
 Bm                            F#m
Hanggang mas marami ang lugmok sa kahirapan
    G                      A
At ang hustisya ay para lang sa mayaman
```

```
 Bm                       F#m
Habang may tatsulok, at sila ang nasa tuktok
 G                 A                Bm
Hindi matatapos itong gulo.

 Bm                                     F#m
Lumilikas ang hininga ng kayraming mga tao
     Bm                                  G
At ang munting bukid ngayo’y sementeryo
 Bm                               F#m
Totoy kumilos ka, baligtarin ang tatsulok
    G                                        A                 Bm
Katulad mong mga dukha ang ilagay mo sa tuktok.
```

*(Ulitin ang Koro)*

## MAGSASAKA: IKAW AY BAYANI

*Pasakalye: Am-G-Am-F-C-G-Am*

```
Am        C                G                       Am
Ikaw na bisig ang siyang nagbubungkal
                      C               G                 Am
Ikaw na pawis at dugo ang tanging puhunan
  F                          G              Am
Ikaw na bihag, dukha’t hinahamak
   F           C           G              Am
Ikaw ay bayani, dangal ng lipunan.

  Am           C        G              Am
Itong tanikala ng pagkaalipin mo
   Am            C                   G                  Am
Unti-unting dinudurog hanggang maging abo
   F                          C             Am
Itong nakalukob na agilang dayo
  F        C                G                   Am
Pilit iginugupo nang laya’y mapasaiyo.
```

```
      F            C   G               C
Sa tuwina'y taglay ibayong pag-asa
 F           C              G                  C
Buo ang hangaring wakasan ang pagsasamantala
      Am      G          Am
Sa daluyong ng daan-libong nag-aalsa
 F              C                G             Am
Itatanghal kayong bayani, kayong magsasaka.
```

*(Ulitin ang huling saknong)*

## WALA NANG TAO SA STA. FILOMENA

*Pasakalye: Dm-Am (3x) Bm-E*

```
        Am          Dm          Am
Nag-iisang lumilipad ang langay-langayan
          Dm           Am        F                E
Anino niya'y tumatawid sa nanunuyong palayan
             Am              Dm        Am
Tanging sagot sa sigaw niya ay katahimikan
          F#dim       /A        E
At kaluskos ng hangin sa dahon.
```

'Sang ikot pa huling sulyap mula sa ibabaw ng bayan
Mga kubong pinatatag ng nipa at kawayan
"Paalam na, paalam na" ang awit ng langay-langayan
Ngunit walang nakasaksi sa palayo niyang lutang.

```
          Dm        Am   Dm       Am
Pagkat wala nang tao sa Santa Filomena
    Dm     Am  G       C
Walang aani sa alay ng lupa
         F          E         F             E
Nakayuko ang palay, tila bang nalulumbay
      Am            G         F            E
Tila bang naghihintay ng karet at ng kamay
```

*(maaaring tulay: Dm-Am-F-E)*

Nahihinog ang bunga ng mga mangga't bayabas
Pinipitas ng hangin at sa lupa'y hinahampas
Sinisipsip ng araw ang tamis at katas
Iniiwan ang binhing umaasa.

```
             Bm                 Em        Bm
At pagdating ng tag-ulan sa pinaghasikan
              Em           Bm                  G         F#
Upang hugutin ang buhay mula sa kamatayan
              Bm                 Em       Bm        GM7
Muling dadaloy ang dugo sa ugat ng parang
           Bm                G                 F#  Bm
Subalit ang lahat ng 'to'y masasayang.
```

Pagkat wala nang tao sa Santa Filomena
Walang aani sa alay ng lupa
Ang palay ay nakayuko, tila bang sumusuko
Naghahandog ng buhay sa karet at kamao.

```
          Am            Dm             Am
Lumilipad, sumisigaw ang langay-langayan
            Dm           Am           F               E
"Nasaan ka, at bakit ka nagtatago, taumbayan
             Bm                G          D
Panahon na, panahon nang balikan ang iniwan"
                Bm               D                G            F#
Dinggin natin ang tangis ng abang langay-langayan
            Bm             G             F#        Em-Bm(3x)-A-B
Dinggin natin ang tangis ng abang langay-langayan.
```

**KANDILA**

*Pasakalye:  C*

```
                                   Am
Kandila sa gitna ng kadiliman
          Dm                                   G
Ang hawak mo sa 'yong mga kamay
       C                          Am
Umaasang ika'y makakakita
            Dm                                        G
Sa pamamagitan ng liwanag niyang taglay.

  F          G              C             Am
Hindi ka dapat matakot sa pagdilim
 F                        G                 Am
Mayron kang kandila, ito ay gamitin
 F               G
Ang iyong paroroonan
    C    G           C
Ay iyong makikita.

  C                                     Am
Ilaw na dulot ng ibang kandila
       Dm                            G
Tumatawag pansin, tumutugon
      C                                Am
Pawang mga bituin na nasa lupa
      Dm                                  G
Malayo ma'y nais mo pang abutin

F                   G                    C               Am
Halina't lakbayin hanggang sila'y makasama
 F                         G       C              Am
Hanggang sa magtipon lahat ng kandila
  F               G
Ang iyong paroroonan
   C      G          C
Ay iyong makikita.
```

**LUPANG SINIRA**

 D                        A   D                    A
Bayang mahiwaga sa malayong silangan
  G        D       A                       D
Alab ng puso sa dibdib mo'y apoy
      D        A     D                   A
Lupang sinira, bayan ng magigiting
 G            D             A        D
Sa manlulupig, hindi paaapi.

               Bm                                 F#m
Sa nayon at bundok, nagkaisa, makabayang mamamayan
(Sa nayon at lunsod, itinatag, makabayang pamahalaan)
                Bm                                 F#m
May tilamsik ang tula at awit ng kalayaang inaasam
(May tilamsik ng dugo ang awit ng kalayaang inaasam)
               A                                    D
Ang pula ng watawat mo'y sagisag na nagniningning
(Ang pula ng watawat mo'y tagumpay na nagniningning)
                A                                    D
Ang karet at kamao niya'y hinding-hindi magdidilim.
(Ang karet at ang maso niya'y hinding-hindi magdidilim.)

              G                 A         D            Bm
Laya ay langit, kaluwalhatia't pagsinta
                  G   A            D
Buhay ay lupa sa piling mo
             G                A                     D           Bm
Aming ligayang makitang ang baya'y di api
               G             A             D
At mamatay nang dahil sa iyo.

*(Ulitin ang huling dalawang saknong)*

**HALINA**

*Pasakalye: D-C; D-C*

```
   D                     C       D
Si Lina ay isang magandang dalaga
                        C       D
Panggabi sa isang pabrika ng tela
                        C        D
Sumali sa unyon, sumama sa welga
                         G      D
Biglang nagkagulo, nawala si Lina
                    C   G             D
Nang muling makita, hubad at patay na.

           C-D
Halina, halina
                    G       D        A
Damitan ang bangkay at sa ating puso
      G           A      D
Hayaang humimlay si Lina

                         C       D
Isang magsasaka si Pedrong Pilapil
                          C        D
Walang kaulayaw kundi ang bukirin
                             C          D
Ngunit isang araw, may biglang dumating
                          G         D
Ang saka ni Pedro'y kanilang inangkin
                C     G       D
Tumutol sa Pedro, siya'y binaril.

            C-D
Halina, halina
               G         D         A        G
At sa ating puso'y hayaang maghasik ng punla
        A       D
Si Pedrong Pilapil.
```

```
                              C             D
Si Aling Maria, doon nakatira
                                        C           D
Sa tabi ng isang bundok ng basura
                                         C          D
Ngunit isang araw, binuldoser sila
                                        C           D
Sapagkat darating ang mga turista
                         C               G             D
Nawalan ng bahay ang isang pamilya.

                C-D
Halina, halina
                    G              D                 A
At sa ating puso, ipagtayo ng tahanan
       G    A       D
Sina Aling Maria
```

*Koda:*

```
                C-D
Halina, halina.
```

**LANGIT-LANGITANG KUMUNOY**

*Pasakalye: Am*

```
      Am                          Dm                        Am
Pinalaya ng kandila, aandap-andap na liwanag
       Dm              Am
At agos at pagpatak ng pusong nagluluksa
      Dm                          Am
Paglisan ng aninong sa buwan ay nagpala
             Dm                          E7
Sa pagbalik ng lupa sa kapwa lupa.
```

```
         Am                            Dm
Ama ko, yumao kang bisig may tanikala
            G                                              Am
Balikat mo'y napipi sa maghapong paggawa
                                                         Dm
Pawis mo'y di iyo, tuwa mo'y nakasangla
                  G                              G7           Am
Sa panginoong umalipin, nagmamay-ari ng lupa.

  Am                              Dm                Am
Ikaw, ama, ay biktima ng tuso at kawalan
        Dm                                          Am
Lupa mo'y pag-aari ng angkang mayaman
  Dm                                    Am
Ako ay sanga pa rin ng lahi mong matapat
                Dm                                  E7
Kakambal din ay tanikala nang ako'y isilang.

  C                                   Dm
Ako, ama, ang puputol sa lahi mong naiwan
    G                 G7                C
Sa lahi mong napako, hatid ko'y kalayaan
                    Am              Dm
Ako ang pupunit sa dahon ng kasaysayan
         G                    E7              Am
Sa langit-langitang ating kinagisnan.
```

**HUWAG KA NANG LUMUHA, AMING INANG BAYAN**

*Intro: C-Am-F-G-C*

```
                  C           Am    Dm                G
Huwag ka nang malumbay aming Inang Bayan
    C               Am       Dm          G
Anak mo'y narito ngayo'y lumalaban
  C               Am      Dm             G
Anumang hirap aming lalagpasan
```

  C                    Am       Dm-G          C-Am-Dm-G-C
Buhay ma'y ialay sa 'yong kapakanan.

                   C             Am     Dm               G
Huwag ka nang lumuha aming Inang Bayan
 C                     Am            Dm            G
Kung sa anak mo'y mayrong mabuwal
  C                              Am           Dm        G
Maraming magbabangong kapalit na kawal
  C                Am          Dm-G          C-C7
Moog na bakal ang siyang kapantay.

*Koro:*
      F(G)        G(A)         C(D)    Am(Bm)
Sandata'y hawakan, mga kapatid
    F(Em)            G(A)     C(D)            C7(D7)
Pawiin ang luha ng inang may hapis
      F(G)             G(A)      C(D)    Am(Bm)
Dangal na niyuraka'y ating itindig
 Dm(Em)  G(A)     C-Am-Dm-G-C-A7(D-Bm-Em-A-D)
Kalayaa'y angkinin.

   D                   Bm             Em        A7
Ang ating kilusan, nang ito'y itatag
 D              Bm           Em                   A7
Layunin nito'y iwaksi ang paghamak
  D                              Bm          Em              A7
Ang bayang lumalaban ngayo'y lumalakas
  D                            Bm            Em-A7       D-D7
Naghahari'y lulupigin hanggang sa wakas.

*(Ulitin ang Koro)*

## NAGBABAGANG LUPA

*Pasakalye: Dm-C-Dm-Bb-A7-Dm (pause)*

```
 Dm              C                         Dm
Walang bulaklak sa burol ng dukha
                     C                    Dm
Pawang natabunan ng biro at luha
 Bb               C             F                  Dm
Sa ilalim ng lupa’y nilugmok ang bangkay
 Bb                                            A7
Diyan magmumula ang tamis ng halaman.

 Dm            C                             Dm
Pagtubo ng dahong masakit makasugat
               C                           Dm
Maglilimos muli ang poong mayaman
 Bb              C                    F          Dm
Habang ika’y hawak ang kanyang larawan
 Bb                                          A7
Tatanggap ng abuloy alay sa kagutuman.
```

*Koro:*

```
 Gm                       Dm
Pulutin mo ang punglong may bahid pa ng dugo
 Gm                     Dm                              A7
Ipahid ang basang tela sa sumabog niyang puso
    Gm                 Dm
Alaala ito ng mga luha
    Gm                    A7     Dm
Alaala ito ng nagbabagang lupa.

  Dm           C                        Dm
Ikaw ang naulilang ina nitong bayan
                  C                              Dm
At sa bawat sakadang nag-angat ng palay
```

        Bb          C            F            Dm
Ang iyong ibibigay ay balang may usok
   Bb                                                  A7
Sagot sa kagutumang sila rin ang nag-udyok.

*(Ulitin ang Koro)*

## MULA SA KANAYUNAN

     Am                              G              Am
1) Huwag mong sabihin ang bayan ay payapa
        Dm              Am       G              Am
   Kung di ka mahimbing sa pagyanig ng lupa
     C                  E                           Am
   Huwag mong sabihing ang bayan ay tahimik
        Dm              Am      G             Am
   Kung ika'y natutulig sa ingay ng paligid.

2) Silid-aralan ay ginawang himpilan
   Pati ang liwasan ay binabakuran
   May kawal na tanod sa alambreng tinik
   Sariling kabuhayan, ay aagawing pilit

*Refrain 1:*
 G              Am      G                          Am
O, Ang kanayunan mistulang isang bilangguan
 Dm                  Am
O, sa bayang sinilangan
 G                              Am-Am-G-Am
Tumututol ang mamamayan.

3) Armas at militar, tangke at eroplano
   Panlunas daw ito ng gulo sa bayan ko
   Nagtayo ng kampo at tinipon ang mga tao
   Sinumang paghihinalaa'y babarilin ng sundalo

*Refrain 2:*
O, sa kanayunan patuloy ang pamamaslang
O, sa bayang sinilangan tumututol ang mamamayan

*Koro:*
F                    G                         Am
Sa paglatag ng dilim, maliwanag ang kampo
F                         G                      Am
Ngunit ang kabihasnan animo'y sementeryo
E                       Am
Habang sila'y nagdiriwang
          Dm                  Am
Nagluluksa ang aking bayan
F             G                       Am
Nananaghoy sa gitna ng karimlan.

*Refrain 3:*
 G                     Am
O, sa lupang tinubuan
 G                                   Am
Nagbubungkal ang mamamayan

 Dm                        Am
Gumigising ang kagubatan
  G                              Am
Tumatawag ang kabundukan (2x)
    G                              Am-Am-G-Am
Tumatawag ang hukbong bayan.

## LUMUHA KA  AKING BAYAN

Am                        G
Lumuha ka aking bayan
 E                              Am
Buong Lungkot mong iluha
Am                          Dm
Ang kawawang kapalaran

E                Am
Ng lupain mong kawawa.

Am            G
Lumuha ka ng sambuntong
                  C
Kasawiang nagtalakop
Dm              Am
Na sa iyo'y pampahirap
      B              E
Sa banyaga'y pampalusog.

        Am      Dm
Ang bandilang sagisag mo'y
   E                Am
Lukob ng dayong bandila
Bb           Am
Pati wikang minana mo'y
     B             E
Busabos ng ibang wika.

Am            G
Lumuha ka habang sila
                 C
Ay palalong nagdiriwang
  Bb         Am
Sa libingan ng maliit
         B            E
Ang malaki'y may libangan.

          Am       Dm
Ang lahat mong kayamana'y
E                  Am
Kamal-kamal na naubos
    Bb                Am
Ang lahat mong kalayaa'y
   B               E
Sabay-sabay na natapos.

```
Am                 Dm
Lumuha ka kung sa puso
       E            Am
Ay nagmaliw na ang layon
      Bb           Am
Kung ang bulkan sa dibdib mo
       B           E
Ay hindi na umuungol.

        Am           Dm
Kung wala nang maglalamay
     E         Am
Sa gabi ng pagbabangon
   Bb              Am
Lumuha ka nang lumuha
    E                 Am
Ang laya mo ay nakaburol.

     G            C
May araw ding ang luha mo’y
   D           G
Masasaid, matutuyo
     A           Em
May araw ding di na luha
             D7            G
Ang sa mata mo’y mamumugto.

     G           C
Ang dadaloy kundi apoy
     B            Em
At apoy na kulay dugo
      Gm           G
Samantalang ang dugo mo
    Am             D
Ay aserong kumukulo.
```

```
 G                          C
Sisigaw ka nang buong giting
      B                     Em
Sa liyab ng libong sulo
          Gm          G
At ang lumang tanikala'y
               D                G Gm-G
Lalagutin mo ng punglo.
```

**AWIT NG PETIBURGES**

Kapayapaan, katarungan ay di
Di dapat hadlangan
Pagtutulungan, dito'y magkaisa
Bawat taumbayan.

*Pasakalye: G-Bm-C-Am-B-Em-G*

```
 G                              Bm
Buhay na nagisnan, puno ng ginhawa
  C                             Am                           Em
Buhay na kumupkop, di yata makakayang iwan
 G                            Bm
Buhay na kayhirap, bagay na di gagap
 C                           Am                           Em
Bukas o nakaraan, saan nga ba ang patutunguhan?

               C                    Bm
Naguguluhan pa ako ngayon?
              C                Bm
Naghihintay na sila roon.
```

*Koro:*

```
Am            G                Am          G-G7
May panahong magduda't magtanong
       C           G                 Am               D
Ngayo'y panahon ng pagharap at pagsulong
```

```
 C           G               Am          G-G7
Pagtatanong ay huwag lubayan
 C           G             Am-D        C-G
Tunggalian ay walang katapusan.

 G                            Bm
Aking mga mata, malinaw ang nakita
 C                       Am
Luha ng kapatid, dusa na di napapatid
 G                          Bm
Diwa ay natalos, humayo at kumilos
 C                                        Am
Tawag ng pangangailangan, di na matatalikuran.

           C                                Bm
At ang bisig ko'y handa na ngayon
              C                            Bm
At makakayang iwan ang noon.
```

*(Ulitin ang Koro)*
*(Ulitin ang Koro kasabay ng Counterpoint)*

*Counterpoint:*

May buhay na sa baya'y laan
Kalayaan ay bigyan ng daan
Tanging hangad ko'y mulat na isipan
Dito sa ating kinagisnang bayan.

## AWIT NG INA

```
  Am          E7                Am
Dugo at pawis ang puhunan
 Dm
Nang iluwal ang sanggol
          G                        C               Am
Kayat di tutugot hanggang sa maidulot
```

```
           E                    Am  E7
Ang bukas na ligtas sa salot.

   Am             E7           Am
Tahan na, anak ko, tahan na
 Dm
Nagsisikip ang dibdib ng ‘yong ina
          G                                C             Am
Mga kamay ko’y masdan, para sa ‘yo ay sugatan
           E7                         Am E7
Sa paglilinis ng marumi ng ilan.

               Am          E7          Am
Pakinggan mo ang daing ng bayan
       Dm
Sinisikil ng sakim na iilan
        G                            C               Am
Kalayaa’y ginapos, mamamaya’y nagpupuyos
         E                           Am E7
Ang sigaw, pagbabagong lubos.

   Am        E7               Am
Dugo at pawis ang puhunan
  Dm
Upang ipagtanggol ang sanggol
           G                      C          Am
Mga kamay na laan, umaloy sa duyan
           E                              Am-E7
Matututong lumaban para sa bayan.
```

**ANG IBON**

```
   D                A               D
Sa sanga ng isang puno ay may nadakip
                A                A D
Isang munting ibong pagkarikit-rikit
G         F#m         Em        A       D
At siya’y ikinulong sa isang madilim na silid
   G                  F#m    Em  A   D
Lahat ng kanyang kalayaa’y pilit na inalis.
```

Di nakapagtataka kung bakit siya’y malungkot
Sa araw at gabi, piyok nang piyok
Ang bigay na pagkain, di yata malunok
Hangad niya ay lumipad doon sa tugatog.

Kaya’t ang ibo’y nagpasya, loob ay inihanda
Siya ay nanlaban hanggang makawala
At sa kanyang paglipad siya’y tuwang-tuwa
At kanyang ipinagbunyi ang kanyang paglaya.

Magmula roon ang ibon ay lumisan
Ang kanyang tinungo’y bundok at kaparangan
At siya’y sinalubong ng mga awitan
Ngayon siya’y kabilang na sa mga ibong lumalaban.

Sa munting ibong yao’y dapat mahinuha
Na kailangan ang laya upang lumigaya
Ngunit tulad ng ibong nakakapagpasya
Kung hangad mong lumaya, kailangang lumaban ka.

At mula roon, ako ay lumisan
Ang aking tinungo, bundok at kaparangan
At ako’y sinalubong ng mga awitan
Ngayon ako’y kabilang na sa bayang lumalaban.

## PILIPINO KA

*Capo 5th fret*
*Pasakalye: Am-Dm7/ E-Am6-Dm7/E-Am (2x)*

```
            Am-Dm7/E   Am6      Dm7/E        Am-Dm7/E
Dinggin mo,      karaingan ng ating mamamayan
              G                           A7
Silang naghirap sa ilalim ng kaapihan
                                  Dm
Sila ang masang dapat mong paglingkuran
E7                               Am
Dapat mong paglingkuran.

        Dm7/E         Am6          Dm7/E     Am-Dm7/E
Manggagawa, sa pawis niya'y tubo ang siyang makukuha
                G                                       A7
Ngunit ang bunga ng kanyang hirap at dusa
                                                     Dm
Lumuluha man siya'y walang nakukuha
E7                      Am-A
Api ka, manggagawa.
```

*Koro:*

```
F                                   G                 Em        A7
Tingnan mo, pagmasdan mo ang ating kapaligiran
                              Dm
Kaapiha'y makikita mo kahit saan
E7                                Am-Dm7/E-Am6-Dm7/E-Am
Mananatili na lang ba kayang ganyan?

           Dm7/E        Am6         Dm7/E  Am-Dm7/E
Magsasaka, daan-daang taong natali sa lupa
             G                                  A7
Lupa na kailanma'y hindi mapasakanya
                                 Dm
Hanggang itong tanikala'y lagutin niya
E7                      Am-A
Api ka, mangsasaka.
```

```
F                                G                Em        A7
Tingnan mo, pagmasdan mo ang ating kapaligiran
                          Dm                E7
Kaapiha'y makikita mo kahit saan
                                            Am-A
Mananatili na lang ba kayang ganyan?

F                          G                Em
Kumilos ka, baguhin mo ang ating kapaligiran
                    Dm
Makiisa ka sa aping mamamayan
E7                                   Am-Dm7/E-Am6-
Dm7/E
Pilipino kang may pananagutan
E7                                  A
Pilipino kang may pananagutan.
```

**SALUBUNGIN ANG BAGONG ARAW**

*Intro: Am-G (2x) F-G-Am-G*

```
   Am              G           Am
Salubungin ang bagong araw
  Am               G         Am
Na malinis ang diwang taglay
  F
Taas noong tumanaw sa silangan
  G                              C
Buksan ang dibdib mong alay
 C                                  G
Sa dambanang ginto mong langit
  G                              Am - G - Am
Ihayag ang pagtataling-bisig.
```

Dakilang apoy at buhay
Kapantay mo ay kawalan
Dugo/Muog namin ang tanging alay

Sa iyo o apoy ang siyang bubuhay
Sa patnubay ng bagong araw
Mithiin ng buong bayan.

Tumanaw sa mapulang silangan
Damhin ang espiritung hatid
Marangal na diwa ay kakamtin
Itatanim sa dibdib at isip
Kapag ang hininga ay pumanaw
Sasalubong ang bagong araw.

**AGILA (HARING IBON)**

*Intro: Bm-A-GM7 (4x) - A*

```
  D                  A            Bm
Nais kong lumipad tulad ng agila
  D          A             Bm
At lumutang-lutang sa hangin
 D                   A         F#          Bm-A
Magkaroon ng pugad sa puso ng kagubatan
E/G#
Ngunit ito'y panaginip lang
E              G       A
At maaaring di matupad
```

*Tulay: Bm-A-GM7 (2x) - A*

```
D                     A              Bm
Pagkat ang kagubatan ay unti-unting nawawala
D              A                     Bm
Mga puno nito'y nangingibang-bayan
D                   A           F#             Bm-A
At pag walang puno wala na ring mapupugaran
 E/G#
Kapag ang agila'y walang pugad
E                       G        C  A
Wala na siyang dahilang lumipad.
```

*Koro:*

D   A   Bm     GM7          D-A-D
O haring ibon, hari kong tunay
D        A           Bm              GM7   A
Nais kong tumulong nang kaharian mo'y
 F#
Muling mabuhay

*Instrumental - Intro*

*(tipa tulad ng ikalawang saknong)*
Kung nais mong makakita ng agila
Huwag kang tumingala at tumitig sa langit
Pagkat ang mga agila nitong ating bayan
Ang iba'y nabihag na
Ang natitira'y bihirang magpakita

Bm                A                    GM7
Tiniklop na nila nag kanilang mga pakpak
Bm             A                       GM7
Hinubad na nila ang kanilang mga plumahe
A                    Asus       A            Asus
Sila'y nagsipagtago sa natitirang gubat
Bm               A                 GM7            F#
Ang lahi ba nila'y tuluyan nang mawawala.

*Ulitin ang Koro*

D   A  Bm       GM7         D  A
O haring ibon, hari kong tunay
D       A         Bm           GM7        A
Nais kong tumulong nang kaharian mo'y
F#                       F#sus7
Muling mabuhay...

**BANGKEROHAN**

*Intro: (E-C) x 4, C B*

    E
Ikaw ba'y nagtataka sa aking mga kilos
   A
Parating nasa bahay di na nagpapakita
   G
Di na nagtitipar o nanonood ng sine
   G                         B
Di na namamasyal sa Magsaysay

*(tipa tulad sa unang saknong)*
 Ako'y may karanasang di malilimutan
 Noong isang gabi nagkasunog sa palengke
 Ako ay nakisali sa mga nakiusisa
Biglang may pumutok at nagkagulu-gulo

     E
"Dagan, dagan, dagan"
       CM7
Mga tao'y nagsigawan
    G
Mabuti na lang at ako'y nadapa
        B
At naligtas sa pinsala

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Pagkat mahirap ang umilag sa sharpnel ng granada
Kapag ika'y tamaan labas ang iyong bituka
At kung ika'y swertihing dalhin sa ospital
Asahan mong ikaw ay dead on arrival

*(tipa tulad sa unang saknong)*
At ganyan nga ang nangyari sa aking katabi
Ang balak niya'y tulungan ang mga nasunugan
At napaaga lang nga ang kanyang gantimpala
Isang libreng tiket sa kalangitan

*(tipa tulad sa ikatlong saknong)*
Diyos ko, diyos ko, diyos ko
Ito ba ang iyong kagustuhan
Iilan na lang nga ang mga matitino
Sila pa ang tinatawag niyo
Diyos ko po

*Tulay: (E-C) x 2, B*

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Kay mga higala, kung di mahihinto
Ito uring katuwaan na di naman biro
Inyong mapapansin sa kadugay-dugayan
Unti-unting mauubos ang Dabawenyo

*(tipa tulad sa ikatlong saknong)*
“Pastilan, pastilan, pastilan”
Sasabihin ng buong bayan
Ang siyudad ng Dabaw ay wala nang tao
Ang Dabaw ay sementeryo

*(tipa tulad sa ikatlong saknong)*
Di ko, di ko, di ko
Isa lang ang aking buhay
Marami pa akong gustong gawin
Huwag niyo munang putulin

*(tipa tulad sa ikatlong saknong)*
Agay, agay, agay
Isa lang ang aking buhay
Marami pa akong gustong gawin
Huwag niyo munang putulin
Ang buhay ko!

*Patapos: (E-C) x4/B/C#/D#/E E!*

**TATANG**

*Intro: D-A-Bm-D-A-D-A-Bm-A-Bm*

    D                    A              D           Am
Si tatang ay bayani ng nakaraang digmaang pandaigdig
     G             D            Am-/B-C-A-/B-A/C#m
Kanang paa'y inalay sa bayan
 D                 A             D                Am
Sabi nila siya'y ulyanin na at di na makapagsalita
   G         D                        Am-/B-C-A-/B-A/C#m
Sa wari ko, siya'y nagpapanggap lamang, nagmamaang-
          maangan
    Dm       /C         B#M7                 Asus-A
Bandilang kupas ay isinabit sa dingding ng silid
    Dm       /C       B#M7       A   Asus-A-A7
Tanda ng sugat na kailanpama'y di magmamanhid

*(Tulay: pasok)*

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Marahil madalas niyong magunita ang buhay nyo noon
Ang hirap at pagtitiis ng gerilya
Umaalingawngaw sa isipan nyo ang sigaw ng kapwa sundalo
Ilang buhay ba ang nakitil sa paglalaban, di mabilang
Sa sagupaan kayo'y naghasik ng dugo
Upang ang kapayapaa'y sumibol at tumubo
Sa lupa, sa puso

*(Tulay: pasok)*
     D                    A
Tatang, tatang, alam kong alam niyo
  Bm                            D          A
Bihag pa rin ang lupang diniligan ng dugo
  D                          A
Ang kapayapaa'y nakatanim na sa puso
    Bm            A              Bm-A
Ngunit ang kalaban ay naririyan pa.

*(Tulay: pasok)*

```
    D(E)                  A(B)
Tatang, tatang, alam kong alam niyo
Bm(C#m)                      D(E)      A(B)
Di sapat ang libu-libong baril at hukbo
     D(E)                      A(B)
Patuloy ang digmaan, iba lang ang anyo
Dm(C#m)    A(B)          Bm-B(C#m)
Ang kalaban ay naririyan pa
```

*(Ulitin ang ang huling saknong sa "E")*

```
C#m            B               C#m
Ang kalaban ay naririyan pa
C#m            B               C#m
Ang kalaban ay naririyan pa
C#m            B               C#m-A-E
Ang kalaban ay naririyan pa
```

## MAGKABILAAN

Ang katotohanan ay may dalawang mukha
Ang tama sa iyo ay mali sa tingin ng iba
May puti, may itim, liwanag at dilim
May pumapaibabaw, at may sumasailalim

Ang tubig ay sa apoy, ang lupa ay sa langit
Ang araw ay sa gabi, ang lamig naman ay sa init
Kapag nawala ang isa, ang isa'y di mababatid
Ang malakas at ang mahina'y magkapatid

*Koro:*
Magkabilaan ang mundo
Magkabilaan ang mundo
Magkabilaan ang mundo

Ang hirap ng marami ay sagana ng iilan
Ang nagpapakain walang laman ang tiyan
Ang nagpapanday ng gusali at lansangan
Maputik ang daan tungo sa dampang tahanan

May mga haring walang kapangyarihan
Meron ding alipin na mas malaya pa sa karamihan
May mga sundalo na sarili ang kalaban
At may pinapaslang na nabubuhay nang walang hanggan

*Ulitin ang Koro*

May kaliwa't may kanan sa ating lipunan
Patuloy ang pagtutunggali, patuloy ang paglalaban
Pumanig ka, pumanig ka, huwag nang ipagpaliban pa
Ang di makapagpasya ay maiipit sa gitna

Bulok na ang haligi ng ating lipunan
Matibay ang pananalig na ito'y palitan
Suriin mong mabuti ang iyong paninindigan
Pagkat magkabilaan ang mundo

*Ulitin ang Koro*

## BAHAY-KUBO

*Intro:*

```
    C                     F       C
Pawid na bilangguan, bihag na pangarap
    F           C        Dm     G
Ni wala pang simoy ng hanging malaya
      F          C       F     C
Kahit na isang bituin ay walang masilip
            Am       G        C-F-G
Sa loob ng ating bilangguang pawid.
```

```
     C                          F         C
Gutom na mga bata, uhaw na pag-asa
          F             C        Dm        G
Himlay ka sa kandungan ng pulubing ina
        F      C            F         C
Di na maiwika ang nasang lumaya
      F             C          G        C-C7
Ang awit kong ito ay dinggin mo sana.
```

*Koro:*

```
 F     G    F           C      F      G       C-C7
Bilanggo kang tulad ko, nabihag ng kahapon
      F         G             F          Am
Sa loob ng iyong munting bahay-kubo
    F           C       F               C
Maaring di sa pawid, marahil sa ginto
      F          G           E               Am
Ba't di ka tumayo at dinggin ang pagsuyo
      C         C                 C-F-G
Ng awit ko, awit ng buhay mo.
```

```
     C                          F        C
Gutom na mga bata, uhaw na pag-asa
          F           C               Dm    G
Himlay ka sa kandungan ng pulubing ina
        F       C           F           C
Di na maibigkas ang nasang umigkas
    F           C            G            C-C7
At kapag naawit mo, sa iyo ang bukas.
```

**BUHAY AT BUKID**

*Intro:*

```
     G
Ang buhay niya ay bukid
Am
Kaulayaw bawat saglit
G
Munti niyang pangarap
Am     D7
Dito na nailibing
G              Em
Kailan pa ba makikita
Am          D
Ang lupang minana
   Am           D          G
Ay maari na ring tawaging kanya.
```

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Bawat butil na pinagyaman
Ay pait ng kawalan
Sa gitna ng kahirapan
May uring nakinabang
Kailan pa ba makikita
Ang lupang minana
Ay maari na ring tawaging kanya.

*Koro:*

```
  C                      G
Lalaya rin ang lupa't mga magsasaka
 C                   D           G-G7
Tutulungan sila ng mga manggagawa
 Bm                      Am
Babawiin ang lupang ninakaw ng iilan
C                         D                G
At ang bunga ng lupa'y bayan na ang aani.
```

La-la-la...
*(Ulitin ang unang saknong at Koro)*

**ARAW NA LUBHANG MAPANGLAW**

*Intro: Em-A7-D*

```
       D        Bm      F#m
Araw na lubhang mapanglaw
       G     Gm  D
Lipos ng kadiliman
        Em    A7          D
Nasadlak ang kanyang buhay
         Em  E  A7
Dahil sa iyo bayan.

           D   Bm    F#m
Ang kanyang simulain
         G     Gm    D
Tigmak ng dugo’t luha
       Em     A7     D  Bm
Ay dapat nating itaguyod
       Em  A7     D A7 D G Gm D
Hanggang sa wakas.
```

# MGA AWITIN MULA SA

# **DEKADA 90**

**ANG GERILYA AY TULAD NG MAKATA**

*Pasakalye: D-G-D-G-D*

  D             F#m
Ang gerilya ay tulad ng makata
   G                        D
Matalas sa bulong ng mga dahon
     D              F#m
Sa pagkabali ng mga sanga
        G                 D
Sa mumunting alon ng ilog
Em   A  Em   A
Sa amoy ng apoy
Em     A  A7      D
At sa abo ng paglisan.

 D               F#m
Ang gerilya ay tulad ng makata
   G                D
Nakasanib sa mga puno
  D             F#m
Mga halaman at bato
      G            D
Di maaninag pero malinaw
Em          A   Em          A
May kaalaman sa batas ng paggalaw
  Em          A   A7         D
Bihasa sa laksang paglalarawan.

*Refrain:*
 G                     D
Ang gerilya ay tulad ng makata
       G            D
Katugma ng kalikasan
         G              D
Mga pinong ritmo ng luntian
         G            D
Ng nakatimong katahimikan

```
      G                    D
Namamalas na kawalang-muwang
       Em                                    A
Ng aserong nababagting nang may lantik
     A7               D-Dsus-D
Sumisilo sa kaaway.
```

*Koro:*

```
C                             D
Walang hanggang kilusan ang lakas
  C                                 D
Masdan ang matagalang tema
 C                    G                  D
Ang epikong bayan, ang digmang bayan. (2x)
```

```
 D                     F#m
Ang gerilya ay tulad ng makata
         G                                                   D
Gumagalaw kasama ng luntia't kulay lupang kawan
 D               F#m        G                        D
Sa palumpong umaapoy na pulang bulaklak
  Em                            A              D
Na nagkokorona't nagpapaalab sa lahat
 Em                                      D
Nagsasama-sama sa isang daluyong
 Em                        A-A7               D-Dsus-D
Nagmamartsa sa wakas laban sa kuta.
```

*(Ulitin ang Refrain at Koro)*

*Papahina:*

```
 C                     G                 D
Ang epikong bayan, ang digmang bayan.
```

## AWIT NG PAG-ASA

*Intro : C-G-Am-Em-F-G-C-G-C   (C-G-F-C)*

```
      C      G       F        G
Kahit kayhaba ng lalakbayin
 C                  Em   F           G
Daang tag-araw man ang humagupit
 Am        Em           F              C
Kahit ilang libong tag-ulan ang sumapit
    Dm               G
Hinding-hindi tayo titigil

 C         G         F     G
Dahil mithi nati'y palayain
 C         Em         F   G
Bawat isa sa pagkaalipin
   Am              Em         F        C
Sa gitna man ng gutom, kahirapa't pasakit
   Dm                 G
Hinding -hindi tayo susuko
```

*Koro:*

```
     Am                      Em
Kahit na may bagyo, kahit na may unos
        F                     C
Kahit may libu-libong kaaway
      Dm           C
Kahit na magapi at isa ang matira
    Dm               G
Sa ating dakilang hanay
          Am               Em
Tayong manggagawa at magsasaka
    F                C
Sambayanan ay muling babangon
   Dm                  C          Dm    G         C
Ipagtatagumpay ang bawat labanan sa buong daigdig.
```

    C              G          F            G
Kahit hadlangan ng libong armas
   C               Em            F       G
Ang ating hukbo ay hindi aatras
      Am        Em          F            C
Lakas ng masa ang ating sandigan
         Dm                           G
Saan mang larangan ng digmaan.

*(Ulitin ang Koro)*

      Dm                         C              Dm      G          C
Ipagtatagumpay ang bawat labanan sa buong daigdig.

**MULI**

*Intro: F-Em-Dm-C-Dm-Em-F-Dm-C-F-Em-Dm-G   (C-G-F-C)*

         C      G         F           C
Muli na tayong magbalikwas
         F                C  Dm      G
Harapin ang hamon ng panahon
  Am      Em Am      Em
Muli nating iwagayway
                Am   G          G7  C
Pulang bandila ng pakikibaka

F-Em Dm-C-Dm-Em-F-Dm-C-F Em Dm G
Nasa pagkakaisa ang ating ipagwawagi
 Dm                                      G
Kung baya'y kasama natin hindi tayo magagapi.

*Koro:*
      Am
Halina't muling palakasin ang kilusan
      Em
Itakwil ang taksil at kaaway

        Dm
Nang di na muling mayurakan
             G
Ang dangal ng uring manggagawa  (2x)

        C      G     F       C
Muli na tayong magbalikwas
             F        C      Dm      G
Ilantad ang mga bagong dilawan
       Am       Em     Am       Em
Tahakin natin ang tamang daan
                 Dm  G      C
At matuto sa kamalian

F-Em  Dm   C  Dm Em-F Dm   C-F   Em Dm G
Nasa ‘ting pagwawasto ang ating pagwawagi
 Dm                              G         C
Kung baya’y kasama natin hindi tayo magagapi.

*(Ulitin ang Unang Saknong)*

## GAGAPIN ANG TUNGGALIAN NG URI

*Intro : Am-Dm-F-E*

 Am                       Dm     Am
Suriin ang lipunang ginagalawan
            Am           Dm    F               E
Laganap na nagaganap madugong labanan
          Am                  Dm        Am
Sa pagitan ng kapitalista’t manggagawa
    F                        G                         Am
Uring magsasaka at panginoong maylupa.

Am Dm Am
Ang labanang ito’y tunggalian ng uri
Am Dm F E
Na dapat nating magagap sa lahat ng sandali
Am Dm Am
Tumatagos ito sa anumang larangan
Am F G Am
Sanhi ng pag-unlad ng mga lipunan.

*Refrain:*
Dm
May tunggalian ng uri sa pulitika
Am
May tunggalian ng uri sa ekonomya
Dm
May tunggalian ng uri sa kultura
E
At sa larangang militar.

Am Dm Am
Ito ay batas na dapat nating tandaan
Am Dm F E
Likas na katangian ng ating lipunan
Am F Am
Susi ng makina ng kasaysayan
Am F G Am
Nang ang sosyalismo ay marating ng taumbayan.

*(Ulitin ang Refrain at Huling Saknong tataas ng Half note)*

A#m - D#m - F - F#
Nang ang sosyalismo’y marating ng taumbayan.

## MARTSA NG PAGKAKAISA

*Intro: Am-Dm-Am-Dm-Am-F-G*

  Am
Isulong natin ang pagkakaisa
         Dm                            Am
Nang uring manggagawa at magsasaka
        Dm                       Am
Ang ating sandigan sa pakikibaka
           F                                    E
Tungo sa pambansang demokrasya.

  Am
Silang nagtataglay ng tunay na lakas
         Dm                         Am
Na dudurog sa Imperyalismo
         Dm                                       Am
Burukrata Kapitalismo’t pyudalismo
              F                          E
Ang mga salot na pumapatay.

  Dm
Mula sa bundok at nayon
          Am
Parang alon tayong susulong
    Dm                                       E
Kukubkubin at palalayain natin ang kalunsuran.

 G               C         E                            Am
At ating itatatag ang isang lipunang malaya
   G                                C
Na may perspektibang sosyalismo
                G                              C
Hanggang mapawi ang pagsasamantala.

**MARTSA NG PROLETARYO**

*Intro: Em*

```
 Em
Daan taong hinubog mo
                C        G
Mga lipunan sa mundo
               Am       Em
Ang kabihasnan ay naitatag
            C         B7
Sa dugo at pawis mo

 Em
Mga palasyo ng hari
     C          G
Ikaw ang nagtayo
      Am     D      G     C
Ikaw rin ang humukay ng mga
 D                     Em
Palamuting ginto
```

*Koro:*

```
 Em             Am           D                        Em
Pasan-pasan mo ang hirap sa daan-daang taon
       Am     D        G         C
Walang dangal, walang bukas (Kaya dapat
        bumangon ka)
              C          D  Em
Alipin ng mga panginoon (Lipulin ang mga panginoon)
```

*(Same chords sa mga unang stanza)*

Mga yamang nilikha mo tangi nilang luho
Tuwang-tuwa nagpapasasa sa mga paghihirap mo
Kaya sa araw ding ito ikaw ay magpasya
At sa lakas ng proletaryo wakasan pagsasamantala

*(Ulitin Koro)*

## KMU

*Intro: Am-F-G-E-B7-E (Am-E-Am)*

```
        Am              E    Am
Saan mang sulok ng bayan
        Dm                Am
Bandilang pula ay winawagayway
 Dm               Am
Ng uring manggagawa
               F                    E
Ang hukbong mapagpalaya
```

*(Same chords)*
Taglay ang diwang palaban
Handang magtanggol saan mang labanan
Hangga’t may uring nagsasamantala
Patuloy ang ating pakikibaka

*Koro:*

```
      Am    F             G
Sa Luson, Bisayas, Mindanaw
 E                 E7                    E
Dumadagundong ang mga sigaw
  Am               F        G            G7
Sa pabrika, sa nayon at kalunsuran
    F                 E          Am
Kilusang Mayo Uno ay lumalaban (2x)
```

*(Same chords)*
Sa bawat pagklos at pagpapasya
Mulat ang isipan at nagkakaisa
Katapangan disiplin sa pakikibaka
Laging tataglayin hanggang lumaya

*CHANTING:* Kumilos manggagawa, likhain ang kasaysayan !
Mapagsamantala, durugin ng tuluyan ! (2x)

Kahit sa panahong kay dilim
Landas sa paglaya laging lalakbayin
Hanggang ang liwanag ay ating marating
Bagong bukas ay sasalubungin

*(Ulitin ang Koro)*

...Kilusang Mayo Uno (2x)

## BUSABOS NG LIPUNAN

*Intro: A-C#m-A-E [2x]*

```
  A                    C#m        D              E-E7
Kayong sa gabi't araw ay laging nagpapagal
    A                  C#m            D          E-E7
Kayong sa bawat oras yaman ang niluluwal
   F#m              C#m          F#m                  C#m
Bumubuhay sa lipunan at sistemang sainyo'y nagsakdal
    F#m                 C#m        F#m              C#m
Sa hukuman ng mayaman hinatulang tamad at hangal
```

Kayong pinarusahan, maapi  habang buhay
Magsilbi at pakainin at bigyan ng karangyaan
Parasitikong naghahari sa lipunang kinasadlakan
Nang 'yong uri na ang sala manggagawa ng isinilang.

*Koro:*

```
  F#m                  E           D                A
Ito ay hindi kapalaran na sinabi ng hari at paham
   Bm            F#m                D                E-E7
Hindi kapalaran, hindi rin pagsubok na sinasabi ng simbahan
F#m                 E           D                      E
Ito ay isang kalagayang sinadyang sa (inyo / atin) ay gawin
   Bm                        F#m
Na dapat wasakin at dapat baguhin
 D           E                    A
Ito ang (inyong / ating) tungkulin.
```

Wala ng aasahang katarungang daratal
Hangga't sa ating batas ang salapi mas matimbang
Sa dangal at katwiran at sa buhay niyo't karapatan
Nang malaon ng niyurakan ng panginoong may kapital.

*[ulitin ang koro]*

Makasaysayang tungkulin...

## PANGAMBA

*Pasakalye: Am – Em – (2x)*

      Am                C                         G          C-E7
Sa pagitan ng palay na ipinunla at ng palay na aanihin
      Am                  C                            G         C-E7
Ay may butil ng pangamba't dalita na hindi mo maisaing
   G                      C                       G              C-E7-(Am-Em)
Butil itong naitanim sa malay mo ng gatilyo't asendero (2x)

       Am                  C                       G          C-E7
Sa pagitan ng sinulid sa makina at ng telang hinahabi
         Am               C                          G           C-E7
Ay may hibla ng pangamba't dalita na hindi mo maitagpi
    G                      C                      G             C-E7-(Am-Em)
Hibla itong ibinuhol sa puso mo ng gatilyo at ng amo (2x)

       Am                   C                            G            C-E7
Sa pagitan ng salaming tinutunghayan at salamin sa paningin
        Am                  C                  G                              C-E7
Ay may bubog ng sindak at alinlangang di mo nais gawing singsing
      G                     C                    G           C-E7-(Am-Em)
Bubog itong itinagos sa noo mo ng gatilyo at estado (2x)

       Am                   C                        G          C-E7
Sa pagitan ng salamin, ng sinulid at ng palay ng hininga
          Am                  C                             F                 E
Ay may baga ng pagtutol at himagsik na tutupok sa pangamba

```
   G                              C                              C-E7  (Am-C)
Baga itong magliliyab sa dibdib mo at ibubuga ng gatilyo (2x)
```

Hoo – hoo

## LANDAS NG PAGLAYA

*Pasakalye: Em-B7-Em-Am-Em-B7-Em*

```
Em                     B7        Em
Bayang api ay magkapit-bisig
    Am       Em          B7      Em
Pawiin ang luha, takot at ligalig
                              B7            Em
Mapanlabang diwa ay muling pag-alabin
     Am         Em       B7           Em
Landas ng paglaya'y ating pagliyabin.
```

*Refrain:*

```
            B7               Em
Ang kasaysaya'y balik-aralan
         D                  G
Matuto sa mga karanasan
          Am-B7               Em
At ang naiwang mga tungkulin
           B7          Em-B7-Em
Ating bigyan ng katuparan.
         B7                    Em
At matagalan na digmang bayan
           D                 G
Buong tatag nating isulong
            Am-B7                  Em
Sa pangunguna ng manggagawa
         B7         Em-B7       Em
At sa lakas ng mga magsasaka.
```

Pagkakaisa ay lalong pahigpitin
Ating simulai’y muling pagtibayin
Ang panahong nawala’y babawiin
Bawat labanan, tagumpay nati’y tiyakin.

*(Ulitin ang Refrain)*

Pampulitikang kapangyariha’y agawin
Sa mga berdugo’t mapang-alipin
Ating tanghalin estado ng anakpawis
Digmaa’y ituloy hanggat may isang ganid.

*(Ulitin ang Refrain)*

## MARTSA PASULONG

*Intro: Am-G-F-E (2x)*

```
          Am          G
Sa tanghalan ng tunggalian
      F                    E
Isigaw ang tagumpay!
       Am            G
Sa larangan ng digmaan
          F                E
Puksain ang kaaway!
       Dm                                  Am
Sambayanang nagpupuyos sa dayuhan
                F                      E
Laan ang buhay sa himagsikan.

 Am                  G
Uring manggagawa
   F                  E
Itanghal ang lakas mo
    Am             G
Palayain ang bayan
```

```
      F                    E
Sa pamumuno mo
   Dm                                        Am
Kasama ng magsasaka at kabataan
             F                     E
At inaaping uri sa lipunan.
```

*Refrain:*

```
   Am
Magmartsa pasulong
     G
Sa sulo ng Rebolusyon!
   Am
Magmartsa pasulong
    G
Sa kaaway, huwag umurong!
       F                           E
Ang uri sa uring paglalaban
          F                                                E
Katangian / Wawakasan ng ating digmang bayan.
```

*(Ulitin ang Ref., 2nd Stanza at Ref. ulit)*

```
   Am                    G              Am                G
Magmartsa pasulong! Magmartsa pasulong!
       Am               G
Magmartsa pasulong!
```

**AWIT NG PAGWAWASTO**

*Intro: C-G-F-C-F-G-C*

```
C  G   F         C
Tayo ngayo'y narito
 F                    E
May bagong pag-asa't lakas
 F               E
Mula sa mga kahinaan
```

F                E
Mula sa mga kamalian
       F          G
Tayo'y magwawasto sa sarili'y
           Am-G
Muling tatayo

*(Same Chords)*
At sa muling pagsulong natin
Tiwala ng masa'y kamtin
Mag-aral ng kasaysayan
Malawak na karanasan
Ng tamang daan

*Koro:*
C                      G            F                        C
Bawat hakbang laging pagtibayin ang ating simulain
                                    G                             A-A7
Ating lakas ngayon din muling pagbigkisin

D  A   G     D
Tayo'y nagkaisa
G                 F#
Sa diwa ng pagwawasto
G                                      F#
Sa dambana ng digmang bayan
  G                                 F#
Tayo'y muling nagsumpaan
            G                  A
Ang kalayaan natin ay
                        Bm-A-Bm-A
Ipagtatagumpay

*(Ulitin Unang Stanza  1 note higher)*

**KALAYAAN MEDLEY**

*Acapela:* Huwag kaming hahamakin
Kami naman ay tao rin (2x)

*Intro: A*

```
   A
Huwag Kaming hahamakin
Kami naman ay tao rin   (2x)
   G                  A
Kami'y may dangal
  G                   A
Marunong lumaban

  A                       G              A
Huwad  (4x),  ang ating kalayaan  (2x)

  A
Isabog natin sa himpapawid
Ang ating hangaring maging malaya
Mga kababayan, magkaisa tayo
Patungo sa tunay na pakay - 2x

Kalayaan, Ipaglaban!

  A
Bayang api, bayang binulag
Magkapit-bisig, durugin ang kaaway
Digmang bayan ang tanging kasagutan
Sa pagpapalaya ng ating bayan

  G                                          A
Kapag pumula (malapit na) Ang silangan (kalayaan)
   G                                   A
Malapit na (sa digmaan) Kalayaan (ng bayan 2x).
```

  A
Sumulong ka, Bayan
Tayo ngayo'y lalaban
Tibayan ang hanay
Gapiin ang kaaway
   A
Sumulong at lumaban

**MARTSA NG NAGKAKAISANG HANAY**

*Intro: A-D-E*
                              A                      D
*Refrain:* Tayo'y maghahanda ng daan
                  E                      A
        Alang-alang sa ating bayan
              A                     D
        Ngayon ang panahon
                  E                                    A
        Sa pagsusulong ng rebolusyon. (2x)

            C#m             F#m
1) Manggagawa, magkaisa
        Bm           E
   Lumabas ka sa pabrika
       C#m              F#m
   Pamunuan ang pakikibaka
           Bm                          E
   Laban sa pagsasamantala

   *(Ulitin ang Refrain)*

2) Magsasaka, bumangon ka
   Lupa ay bawiin na
   Ang uring pinahihirapan
   Sama-samang magkaisa

   *(Ulitin ang Refrain)*

3) Kabataan, gumising ka
Akyatin mo ang kabundukan
Sumanib ka sa Hukbong bayan
Sa landas ng matagalang digmang bayan

*(Ulitin ang Refrain)*

4) Kababaihan, lumaban ka
Sumulong ka at humawak ng sandata
Karapatan sa lipuna'y ipaglaban
Himagsikan ang kasagutan

*(Ulitin ang Refrain)*

5) Taong simbahan at propesyunal
Petiburgesya ng kalunsuran
Negosyante na makabayan
Mga minorya, magsulong ng digmaan.

*(Ulitin ang Refrain)*

**GINTONG SILAHIS**

```
 C               F           C
Tayo'y lalakad sa ulan
    F                  G                     C-C7
Upang isulong ang digmang bayan
         F          G          C           Am
Anumang putik o dulas ng daan
 F                   G                 C
Mga balakid ating lalampasan.

    C                 F                   C
Angil ng punglo'y hindi pansin
    F                G                C-C7
Awit ng larangan ay dinggin
```

```
         F         G               C           Em    Am
Anumang hirap, pakikibaka'y pataasin
   F               G               C-C7
Mga kaaway ating lulupigin.

      F       G                 C-C7
Gintong silahis sa umaga
   F                G            C-C7
Mga ngiti at awit ng masa
         F         G             C           Em  Am
Anumang hirap, mapapawi sa tuwina
     F                    G              C
Kapag masa't hukbo'y nagkaisa.
```

**HABANG NARITO**

```
       C        C/B    Am            Dm              G
Naaalala mo ba, kasama, simula ng pakikibaka
 C      C/B Am                 Dm                  G
Sa hirap at pagdaluyong, pagsabay sa panahon
F          G  C        C/B      A7
29 na taon nating isinusulong
    Dm                    G                   C-C7
Digmaang bayan patuloy sa pagyabong.

       C      C/B         Am           Dm                  G
Niyakap mo ang sandata, kasabay ng ating panata
 C         C/B          Am              Dm             G
Paglingkuran ang bayan hanggang katapusan
 F                             G                C      C/B
A7
Pagkakamali ng kahapon, iwawasto ng pagbabangon
            Dm           G                    C-C7
Habang narito, patuloy sa pagsulong.
```

*Koro:*

    Dm                  G               C    C/B    Am
Huwag mong kalilimutan ang ating kasaysayan
   Dm            G              C   C7
Iyong alalahanin ang sinimulan
       Dm      G             C       C/B    A7
Tayo ay nagwawasto sa gitna ng digmaan
     Dm               G                 C-C7
Habang narito patuloy sa paglaban.

**AWIT NG MORTAL**

*Pasakalye:  F-C-D-G-C-G-C*

   Am              G         C  G             Am
Ano ang sukat ng halaga ng ‘sang buhay
         G                  Am          G
Kayamanan ba o di kaya ang pangalan
   C               G             C    G
Ano ang titimbang sa husto o kulang
Am      Em      F         C           G
Ng katuparan ng adhikain at paninindigan
  C            Am    G    C              G  C
May gantimpala bang dapat pang asahan
 F           G          F                G  A
Upang kumilos ng tama’t makatwiran.

      F      C                  Dm
Saglit lamang ang ating buhay
        F          G        Em E
Tilamsik sa dakilang apoy
       F            C             D    G
Ang bukas na nais mong makita
                 C          Dm      Em
Ngayon pa ma’y simulan mo na.

```
      F             C                  Dm
Ang bawat tibok ng iyong puso
           F                G     Em E
Minsan lamang madarama
F                C          D          G
Ito ang kumpas ang aking awit
           C                    G    C
Na sadyang may hangganan.
```

*Tulay: Am-G-C-G C-G-C-G Am-Em F-C-D*

```
  C              Am      G     C                G   C
May gantimpala bang dapat pang asahan
 F              G       F                   G       A
Upang kumilos nang tama't makatwiran
       F        C           Dm          F            G         Em E
Kat'wan at isipa'y kukupas, sa lupa'y yayakap din
   F            C                D         G
Subalit ang bunga ng iyong pamana'y
       C           Dm      Em
Higit pa sa pinagmulan.
```

*(Ulitin ang saknong 2 liban sa huling linya)*

```
                C             G        F
Ngayon pa ma'y simulan mo na.
```

## ROSAS NG DIGMA

*Capo 4th fret*
*Intro: D-Bm7-A (2x)*

```
    D             Em      Bm                A
Sumibol sa isang panahong marahas
     D           G            A            D
Bawat pagsubok ay iyong hinarap
      Em           A             Bm
At hangga't laya'y di pa nakakamtan
```

 G         A7      D
Buhay mo'y laging laan.

    D        Em  Bm           A
Namumukadkad at puno ng sigla
   D        G      A           D
Tulad mo'y rosas sa hardin ng digma
  Em      A        Bm
At di maiwasang sa 'yo ay humanga
 G              A7      D-D7
Ang tulad kong mandirigma.

*Refrain:*
  G          D        A       Bm
Ako'y nangangarap na ika'y makasama
    G         A           D   Bm
Taglay ang pangakong iingatan kita
     G             D          A       Bm
Ang ganda mong nahubog sa piling ng masa
     G          Em     A7         D
Hinding-hindi kukupas, di malalanta.

 D                  Em        Bm        A
Ang kulay mong angkin, sintingkad ng dugo
 D          G       A        D
Nagbibigay-buhay sa bawat puso
 Em         A       Bm
Tinik mo'y sagisag ng tapang at giting
G             A7       D-D7
Sa laranga'y kislap ng bituin.

*(Ulitin ang Refrain-ikalawang saknong-Refrain)*

G            D        A        Bm
Ako'y nangangarap na ika'y makasama
  G           A           D   Bm
Taglay ang pangakong iingatan kita

```
         G                    D                A           Bm
Ang ganda mong nahubog sa piling ng masa
      G                  Em-A7  Bb         Bbm7
Hinding-hindi kukupas, di malalanta.
 G                 Em-A7                D-Bm7-A-D-Bb-A7-
D
Gaya ng pag-ibig, na alay ko sinta.
```

**LANDAS NG PAGLAYA**

*Pasakalye: Em-B7-Em-Am-Em-B7-Em*

```
Em                      B7         Em
Bayang api ay magkapit-bisig
    Am         Em             B7      Em
Pawiin ang luha, takot at ligalig
                                      B7              Em
Mapanlabang diwa ay muling pag-alabin
      As             Em       B7               Em
Landas ng paglaya'y ating pagliyabin.
```

*Refrain:*

```
               B7                  Em
Ang kasaysaya'y balik-aralan
           D                      G
Matuto sa mga karanasan
               Am-B7             Em
At ang naiwang mga tungkulin
             B7           Em-B7-Em
Ating bigyan ng katuparan
          B7                        Em
At matagalan na digmang bayan
              D                    G
Buong tatag nating isulong
               Am-B7                    Em
Sa pangunguna ng manggagawa
          B7           Em-B7        Em
At sa lakas ng mga magsasaka.
```

Pagkakaisa ay lalong pahigpitin
Ating simulai'y muling pagtibayin
Ang panahong nawala'y babawiin
Bawat labanan tagumpay nati'y tiyakin.
*(Ulitin ang Koro)*

Pampulitikang kapangyariha'y agawin
Sa mga berdugo't mapang-alipin
Ating tanghalin, estado ng anakpawis
Digmaa'y ituloy hanggat may isang ganid.
*(Ulitin ang Koro)*

## KAHIT NGAYON LANG

C
Kahit ngayon
FM7                    G
Ngayon lang tayo nagkakilala
C
Ay alam kong
FM7                      G
Matagal na tayong magkasama

Am                     Em
Sa isang hangaring marangal
FM7                     G
Sa isang digmaang may saysay
Am                          Em
Sa isang ugnayang iniluwal
      FM7                    G
Ng isang dakilang pananaw.

At kung sakaling
Magkalayo man sa gawain
Bawat oras
Ikaw ay lagi kong kapiling.

Sa piling ng bawat api
Na singtamis mong ngumiti
Sa bawat pagpupunyagi
Kasama sa layang mithi.

*Refrain:*

```
     C                     FM7
At hanggang daigdig ay magbago
  Dm               G
Ikaw pa rin ay kasama ko
  C                FM7
Ang damdamin at layunin
   Dm            G           G7
Patuloy na magniningning (2x)
```

Kahit sa'n man
May tunggalian at paglaban
Magtatagpo
Lakas natin at paninindigan

Sa bisig na nagpapanday
Sa bisig na nagbubungkal
Ng isang bagong kaisipan
Ng isang malayang lipunan.

*(Ulitin ang Refrain)*

## PAGPAPASYA

```
C      C/B     Am
Habang may buhay
  C     C/G        C
Pag-asa'y kumakaway
FM7            G
Sa dulo ng mithi.
```

```
C      C/B      Am
Ating pangarap
C              C/B      C
Malayang hinaharap
 FM7              G
Ay di magagapi.
```

*Refrain:*

```
 Am                    G
Kung papawiin lamang
C         C/B    Am
Sa puso at isipan
 FM7                    G            C
Ang takot at pag-aalinlangan.
```

```
C       C/B  Am
Ang suliraning
C         C/B       C
Sa ati'y dumarating
FM7                      G
Ay kayang lagpasan.
```

```
C        C/B  Am
At magbabago
C               C/B         C
Lipunan at ang mundo
FM7                     G
Kung tayo'y lalaban.
```

*(Ulitin ang Refrain 2x)*

**LANSAGIN**

*Intro: (Am-G-Am-G-Am) 2x*

Am-G
Sama-samang bawiin ang ninakaw sa atin

Gubat at dagat, lunsod at nayon, bundok at parang

Sama-samang bawiin ang yaman at lupa na

binusabos ng mga imperyalista
C D Am
Sama-samang bawiin, ito ay atin, o Pilipinas
C D E
Nabuo ang tinig, niluwal ang awit na yayanig
Am G Am
Lansagin, lansagin (2x)

Sama-samang tibayan nagkakaisang hanay
Kamtin natin pambansang demokrasya
Sama-samang tibayan moog ng aping manggagawa,
magsasaka at maralita
Asintahin natin pangunahing kaaway ng bayan natin
Puputok ang awit, pupula ang langit magkapit-bisig!
Lansagin, lansagin (2x)

Sama-samang isulong ang pakikibaka
At hahawiin mga balakid sa pagkakaisa
Itatayo natin koalisyong bayan
Hihirangin, palalalimin at patatatagin
Sama-samang isulong ang dumadaluyong na
pagkakabuklod
Taas-kamao tayo’y aawit sa buong daigdig
Lansagin, lansagin (2x)

**MARTSA NG MANGGAGAWANG PANGKULTURA**

*Intro: Am - E*

*Koro:*

Am G Am
Tayo na manggagawang pangkultura
G Am
Tayo na sa hanay ng masa
F Am
Sarili ay pandayin
F Am
Sining mo'y likhain
G E Am
Sa gitna ng pakikibaka

Dm Am
Bawat hagod ng pinsel sa landas ng buhay
F E
Ang bukas ay gawing makulay
Dm Am
Tapang at kagitingan ng mga mamamayan
F E
Ay ating isalarawan.

Am
Ang gitara'y tugtugin, mga tinig ay laksan
G Am
Gisingin ang aping bayan
G Am
At ating pasiglahin ang pakikidigma
F E
Sa awit ng paglaya

*(Koro)*

Ang panulat ay sulo na tanglaw sa dilim
Pagsilbihing gabay natin
Sa kuwento at tula ay bigyang halaga
Manggagawa't magsasaka

Ang pag-arte at sayaw ng mga kilos at galaw
Halawin sa karanasan
Sa tanghalan ng digma bawat tunggalian
Ng uri'y pag-aralan

*(Koro)*

## AWIT NG MILENYO

  A                        G           A
Salubungin ang pagpasok ng bagong panahon
 A             G           A
Sa unang araw ng tatlong milenyo
 A                                    G
Umangkop at tumugon, gumawa't lumikha
         A
   ng pagbabago
     D                 A
Sa sarili, sa lipunan, sa mundo.

  A                       G     A
Mga puso at isipan ay nag-aalinlangan
 A           G         A
Iwanan ang mga nakasanayan
 A                                         A
Huwag matakot sa mga hamon at mga pagpapasya
        D                A
Bahagi lang ito ng daloy ng buhay.

*Refrain:*

```
  E              F#m
Hindi pa huli upang mag-umpisa
       E                              D
May pagkakataon pang umunlad
  E              F#m
Hindi pa huli upang mag-umpisa
    E                                  D
Itatag ang isang lipunang mapayapa
   G - A
(Haaah...)
```

*Koro:*

```
  A                              G          Bm
Tumindig at awitin ang awit ng buhay
    D                          A
Nananawagan ng pagbabago
    A                            G          Bm
Tumindig at awitin ang awit ng buhay
  D                              A
Tayo na't kamtin ang tagumpay!
```

**IISA**

```
  Dm(Bm)               A(C#m)
Minsa'y nasanay na ng nasanay
   F(D)                    C(E)
Sa konting konswelong aliw
    Gm(Em)         C7(A7)  F(D)   Dm(Bm)
Sa dinami-daming pasikot-sikot ng buhay
Gm(Em)  C7(A7)  F(D)
Napakadaling mabaliw
Gm(Em)      A7(F#7)  Dm(Bm)
Kung ikaw ay nanlalamig
             Gm(Em)  A7(F#7)  Dm(Bm)
Ako ay nakikinig at nakakaintindi
```

                        Gm(Em)                        A(F#)
At sa hibang na daigdig ay mayron kang kakampi.

*Ref:*
Gm(Em)-C(A)
      F(D)              Bb(G)
Ang pangarap mo’y pangarap ko
      F(D)            Bb(G)
Ang pasanin mo’y pasanin ko
     F(D)                 Bb(G)           C(A)
Ang damdamin mo’y damdamin ko sinta
         F(D)             Bb(G)
Ang kalayaan mo’y kalayaan ko
       F(D)              Bb(G)
Ang digmaan mo’y digmaan ko
      F(D)           Bb(G)        F(D)
Ang buhay mo at buhay ko’y iisa.

At kung ang karamihan ng buhay
Ay pakikipagsapalaran
Nakataya ang pag-ibig kong tunay
Sa lahat ng labanan
Kahit ano’ng daratnan
Hindi pagsisisihan, ako ay naririto
Sa kadulu-duluhan, handang sumama sa iyo.

*Ulitin Ref liban sa huling salita*

   D7(B7)
... iisa

      G(E)                C(A)
Ang pangarap mo’y pangarap ko
      G(E)            C(A)
Ang pasanin mo’y pasanin ko
      G(E)                C(A)            A(F#)
Ang damdamin mo’y damdamin ko sinta

**ANG ATING AWIT**

```
D      A     Bm            F#m     G
Tulad ng apoy ang pag-ibig natin
          D          A       D  A
Tulad din ng patak ng ulan
D               A    Bm           F#m     G
Di ba't pag-ibig ang nagbuklod sa atin
           D       A
Upang magkaisa.

Bm                  A             G      D
Sa panahon ng lungkot at alinlangan
    A                Bm
Tayo'y magkasama
G   Bm        A       G   D
Sa ligaya't mga kabiguan
                    A
Tayo'y magkasama.

D       A     Bm     F#m     G
Sa init at lamig ng lansangan
              D           A   D
Nabuhay ang ating awit
 D       A    Bm              F#m
Tulad ng isang bagong umaga
G          F            A
Liwanag ang hatid niya.

 Dm              A        G      D
Malayo pa ang ating lalakbayin
              A                Bm
Maraming awit pang lilikhain
 G          Bm       A        G       D
Hangga't isa ang puso at damdamin
```

                    A
Laya ay darating din.

 D     A G A D          A        G  A
Ang ating awit ay awit ng kalayaan
 D  A     G A D      A G
Ang ating himig ay pag-ibig
D            A           G       A D   A        G     A
Hanggang kayo ay kasama ko, lilikha tayo ng awit
 D    A            G A D       A      D
Apoy itong magliliyab sa magdamag.

*(Ulitin mula sa ikalawang saknong)*

## DAM

   Em(Am)          B(E)
Sa ngalan ng huwad na kaunlaran
     Em(Am)    C(F)      B(E)
Ang bayan ay sa utang nadiin
Em(Am)   B(E)
At ito nga ang kabayaran
Em(Am)        C(F)     B(E)
Ang kanunu-nunuang lupain
Am(Dm)               Em(Am)
Ang mga eksperto'y nagsasaya
Am(Dm)      Em(Am)
At nagpupuri at sumasamba
  Am(Em)           Em(Am)
Sa wangis ng diyus-diyosan nila
C(F)  B(E)             Em(Am)
Ang   dambuhalang dam.

*Refrain:*
Am(Dm)  D(G)      G(C)
Damdam damdam damda dadam
Am(Dm)  D(G)      G(C)
Damdam damdam damda dadam
Am(Dm)   B(E)      Em(Am)
Damdam damdam damda dadam
C(F)      B(E)      Em(Am)
Ang dambuhalang dam.

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Ang mga tribu'y nagtatangis
Nananaghoy, nababaliw
Habang ang mga turistang mababangis
Nalilibang at naaaliw
Sa mga pulubing nagsasayaw
Mga katutubo ng Apayao
Na napaalis kahit umayaw
Alang-alang sa dam.
*Ulitin Refrain*

Am(Dm)              Em(Am)
Titigan ninyo ang gahiganteng bato
Am(Dm)                Em(Am)
Nagsasalarawan ng lipunang ito
Am(Dm)         Em(Am)
Tulad ng mga gumawa rin nito
C(F)     B(E)      Em(Am)
Walang pakiram-dam.

**BAHAY**

Am(F#m)                    G(E)
Isang araw ako’y nadalaw sa bahay-tambakan
Am(F#m)                    G(E)
Labing-limang mag-anak ang duo’y nagsiksikan
    F(D)                          C(A)
Nagtitiis sa munting barung-barong na sira-sira
       Dm(Bm)        F(D)
Habang doon sa isang mansyon halos
      E(C#)       Am(F#m)
      walang nakatira.
     G(E)                 F(D)
Sa init ng tabla’t karton, sila doo’y nakakulong
     C(A)                   G(E)       E(C#)
Sa lilim ng yerong kalawang at mga sirang gulong
  Am(F#m)                    G(E)
Pinagtagpi-tagping basurang pinatungan ng bato
     F(D)                  G(E)
Hindi ko maintindihan bakit ang tawag sa ganito
          Am(F#m)
      ay bahay.

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Sinulat ko ang nakita ng aking mga mata
Ang kanilang kalagayan ginawan ko ng kanta
Iginuhit at isinalarawan ang naramdaman
At sinangguni ko sa mga taong marami ang alam.
Isang bantog na senador ang unang nilapitan ko
At dalubhasang propesor ng malaking kolehiyo
Ang pinagpala sa mundo, ang dyaryo at ang pulpito
Lahat sila’y nagkasundo na ang tawag sa ganito ay bahay.

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Maghapo’t magdamag silang kakayod, kakain
Pagdaka’y tutukang nakaupo lang sa sahig
Sa papag na gutay-gutay ay pipiliting hihimlay

Di hamak na mainam pa ang pahingahan ng mga patay.
Baka naman isang araw doon kayo ay maligaw
Mahipo niyo at marinig at maamoy at matanaw
Hindi ako nangungutya, kayo na rin ang magpasya
Sa palagay ninyo kaya, ito sa mata ng maylikha ay bahay.

## AWIT NG PAG-ASA

```
Am
Ngayon lang, ngayon lang tayo nagkita
Am                    C
Buhay mo't buhay ko'y di kaiba
  F             G                 C
Ang pangarap na sa atin ay nagsama
  F              G               Am
Likha'y damdamin na may pag-asa.

   Am
Pangarap na taglay ng ating tinig
                 C
Paggawa't pagkilos ang maghahatid
 F                G               C
Ng kaganapan sa pagod at sa pawis
  F                G          Am
Mapayapang bukas ay sasapit.
```

*Bridge:*

```
   C               G    C           G
May awit ang buhay sa taong nagpapanday
     C                  G
Bawat hakbang nilalakbay
 F                                G
Kahit may luha't takot na sumasabay.
```

*Refrain 1:*

  Am
Di tayo naghihintay
 F                          G
Tuloy ang lakbay tuloy ang pagpapanday
  Am
Kapayapaan ay kakamtin
  F                     G
Tuloy ang tinig, tuloy ang himig.
  Am                  C
May awit sa bawat kamay na lumilikha
  F                    G
May awit sa bawat diwang malaya
 F                      G                              C
May awit sa bawat hikbi na magsisilang
 F                     G             Am
Sa pangarap at kinabukasan.
               Am
Kinabukasan (2x)

*Refrain 2:*

  Am
Ngayon lang, ngayon lang tayo nagkita
  F               G                 Am
Awit nati’y awit ng pag-asa
  Am
Ngayon lang, ngayon lang tayo nagkita
 F                   G
Awit nati’y awit ng pag-asa.

Pag-asa.

## KASAMA

```
Am(Em)      G(D)            F(C)          C(G)
Siya'y aking kapiling sa kabiguan at tagumpay
Am(Em)     G(D)        F(C)        C(G)
Sa kanyang piling ako ay nahihimlay
Dm(Am)  Am(Em)  Dm(Am)        Am(Em)
Nakaka - unawa      sa    aking pagkukulang
Dm(Am)    Am(Em)       B(F#)            E(B)
At      nakakahawa ang kanyang kagandahan.
```

*Refrain:*

```
          D(A)  Dm(Am) Am(Em) Am(Em) Dm(Am)
Ngunit di lang siya      kaibigan,     di  lang   siya
                Am(Em)
          kapatid
Dm(Am)  Am(Em)  B(F#)      E(B)
Di lang kasintahan o kaisang-dibdib
D(A)  Dm(Am) Am(Em) D(A) Dm(Am) Am(Em)
Di lang siya       asawa,      o       inang    uliran
D(A)  Dm(Am) Am(Em)             G(D)       F(C)
Siya'y aking        kasama sa mapagpalayang kilusan.
```

*(tipa tulad sa unang saknong)*

Pinakaiibig, pinakamamahal
Sa aming pag-ibig, ang lahat isusugal
Ang aming pangako, hanggang kamatayan
Saan man dumako ang kasaysayan.

*Ulitin Refrain:*

```
Dm(Am)     Am(Em)              G(D)    Am(Em)
Siya'y aking kasama sa pagpapalaya ng bayan.
```

## PAMANTASAN NG PUSO

Dm(Am)
Kayraming nagtapos ng cum laude
      C(G)                      Dm(Am)
Ang naging gahaman at diktador

Naging huwes, pangulo’t alkalde
             Bb(F)        A(E)
Ngunit sa bayan ay traydor
          Gm(Dm)                 Dm(Am)
Para na ring hindi ka nakapag-aral
          Gm(Dm)         Dm(Am)
Para na ring hindi ka nakapasa
          Gm(Dm)              Dm(Am)
Wala ka sa dalubhasaan ng buhay
        Bb(F)                     A(E)
Wala wala wala wala wala wala

Hanggat di ka...

*Refrain:*
Bb(F)         F(C)           Gm(Dm)        Dm(Am)
Graduate ng palengke sa unibersidad ng kanto
   Gm(Dm)     Dm(Am)    Bb7(F7)       Dm(Am)
Sa kolehiyo ng kalye, sa pamantasan ng puso
          Bb7(F7)     Dm(Am)         Bb7(F7)
Wo-oh - oh  Wo-oh-oh wo-oh-oh -- oh

  Dm(Am)                         C(G)         G(E)  Dm(Am)
Kayraming magaling sa negosyo at relihiyosong ritwal
                                            Bb(F)          A(E)
Ngunit kadalasa’y kasosyo ng burukratismo’t kapital
        Gm(Dm)                   Dm(Am)
Ngunit ako’y mayrong isang kakilala
      Gm(Dm)                Dm(Am)
Sa kahirapa’y di nakapagtapos

```
     Gm(Dm)               Dm(Am)
Nakikiramay siya at nakikibaka
      Bb(F)                    A(E)
Nakikihanay sa naghihikahos, dahil siya'y...
```

*Ulitin Refrain:*

```
     Bb(F)                          Dm(Am)
Ang tunay na matatalino,  ang totoong nakakaunawa
    Bb(F)                              A(E)
Ay di silang mga henyo, kundi silang may pandama
```

Sila ang...

*Ulitin Refrain:*

```
      Bb7(F7)       Dm(Am)   Bb7(F7)      Dm(Am)
Sa pamantasan ng puso, sa pamantasan ng puso
```

**IKAW AY SAPAT**

*Intro:  G - Em - C*

```
      G - Em  C      G
Umaawit ang puso ko
           Em     A7     D
Naglalakbay patungo sa iyo
  G        Em        C           G
Dumadalaw man ang nakaraan
              Em          A7      D
Sa piling mo handang maghintay
B7             Em            C      G
Kahit malayo at panahon ay salat
  B7                   Em     Am     D
Ikaw ang kulang na sa aki'y sapat.
```

*Chorus:*

```
        G            C            D     D7
Pagkat ikaw ang pag-ibig kong tunay
  G         C          D-D7
Sa ating sumpaa'y tapat
         G          C        D - D7
Pagkat bahagi ka ng aking buhay
      Em             C     D - D7
Kasama sa paglayang hangad (ganap)

  G         Em        C        G
Pag-ibig ko'y di magbabago
                  Em         A7  D
Magtagal man ang digmaang ito
        G       Em       C      G
Ang ating pagkilos at pagmamahal
                   Em         C             D
Ano'ng alab man ay handang maghintay
  B7        Em       C             G
Kahit malayo at panahon ay salat
  B7        Em         C         D
Ikaw ang kulang na sa aki'y sapat
```

*(Repeat Chorus)  (Instrumental)*

```
  B7          Em         C         G
Kahit malayo at panahon ay salat
  B7          Em           D       G G-Em-C-D-G
Ikaw ay kulang na sa aki'y sapat
```

## SA DUYAN NG DIGMA

```
    C            C/B         F         G
Hangga't ang ating pag-ibig ay tunay
   C       C/B          E         G
Bawat pintig ng pag-asa'y taglay
```

```
       Dm                G-G7
At sa ‘ting digma at pagsuyo
     Dm                G-G7
Kailanma’y di mabibigo.
```

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Hangga’t ang ating pag-ibig ay tunay
Bawat mithi natin ay may saysay
At di magsasawang hanapin
Ang tunay na paglaya natin.

*Koro:*

```
  G             Am             G
Tayo’y maglakbay hawak kamay
      C                  FM7
Aabutin natin ang tagumpay
                Dm          G
Bagong bukas ay naghihintay
G7         C    G-C
Aking mahal.
```

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Hangga’t ang ating pag-ibig ay tunay
Himig ng bayan ay laging buhay
Sa bawat isipa’t damdamin
Patuloy nating aawitin.

**APOY 1898**

```
          Am         G            C
Papag-alabin ang apoy ng kalayaan
     F          D       D7           G
Sa puso at diwa ng mga mamamayan
        C     C7           F
Palaganapin ang kanyang lagablab
         D      D7          G            E
Sa bundok, bukid, pagawaan at parang
```

Ang sigaw bigyan ng lunas sa kapanahunan.

```
          Am              G                C
Dumadagundong ang sigaw ng pagbabago
       F      D           D7      G
Di makakaiwas ang gahamang tuso
         C        C7          F
Ang kulog at kidlat ay magsisisabog
             D7        G
Galit ng bayan ay di matatapos
          F  E    Am       D7            G-G7
Habang ang paniniil ang siyang dinidiyos.
```

*Koro:*

```
   C  C7         F
Itaguyod ang pagsulong
          G             C-C7
Ang pag-aalab ng apoy
       F       E      Am
Ang apoy ng kalayaan
      D      D7   G
Sa lahat ng panahon
      F     G     C      E7
Sa lahat ng panahon.
```

```
       Am             G          C
Panloob na tunggalian angmapagpasya
    F           D      D7
Kaya't patatagin ang pagkakaisa
          C           C7            F
Hindi piging ang mithing pagbabago
        D       D7     G
Landas ay malayo at liku-liko
       F  E      Am      D     D7    G-G7
Pandayin na ngayon ang pagkakabuklod.
```

**SA LIYAB NG LIBONG SULO**

*Intro: Am-G-F-E*

    Am                    G
Silang sa dilim ng gabing sinawi
   Am                 G
Silang sinikil ng mga pighati
   F                C    Am
Ninuno, inapo mga salinlahi
    Dm                             E
Sumisigaw pa rin ang layang mithi.

     Am                  C
Lumaya sa hirap, lumaya sa dusta
     Am                  G
Lumaya sa lahat ng imbing dalita
     F                C             Am
Lumaya ang uring nagbibigay-laya
       Dm                      E-E7
Pagliyabin sulo ng paglaya.

*Koro:*

  C            G                  C
Sa liyab ng di mabilang na sulo
    F                              C-G
Lumiliwanag ang lahat nating pulo
      Am                        F
Sa liyab ng di mabilang na sulo
                G               Am
Tanikala'y lalagutin mo ng punglo.

  Am                          G
At kung magsanib ang sulo sa liyab
    Am                 G
At magbigkis ang lahat ng bihag
       F                    C              Am
Ang libo sa libong mumunting kislap

```
   Dm                          E
Ang mga paparikit sa layang marilag.

          Am          G
Ang gintong aral nitong kasaysayan
                  G
Ay dapat igiit gaya ng katuwiran
    F                C      Am
Puspusang itakwil mga kamalian
     Dm                         E - E7
Sumpa at lakas muling mapagtibay.
```

**TAMBANG**

*Intro: Am*

```
  Am
Sansaglit na lamang ang hinihintay
                                 F           Am
Dumapa ng dahan-dahan sa gilid ng daan
         F   G                    Am
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
     F                           Am
Papalapit, papalapit sa 'ting hanay.


   Am
Pandama'y talasan, sandata'y ikasa
                                 F             Am
Huwag lilikha ng ingay, kumubli't maghanda
         F     G                  Am
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
      F                           Am
Papalapit, papalapit sa 'ting hanay.
```

*Refrain:*

   Dm      G        E7         Am
Mga pasistang pahirap sa masa
   Am    F      E7   Am
Nariyan na, nariyan na

*Koro:*

   Am         Dm           G            C
Ang gatilyo’y kalabitin, isa-isang asintahin
            F    Dm  E7     F-G                   Am
Ang bala ay huwag sayangin, armas nila’y samsamin

     Am
Dinggin mo ang atas, sundin bawat kumpas
                         F                Am
Abe, Baking, Kaloy, sugod buong lakas
      F                G             Am
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
        F                G          Am
Papalapit, papalapit sa ‘ting hanay.

(Ulitin ang Refrain at Koro)

*Transisyon:* Am-Bm

     Bm
Pagputok sabay-sabay, h’wag maglulubay
                                   G            Bm
Hanggang mga kaaway, magtaasan ng kamay
          G           A                      Bm
Isang tagumpay sa Bagong Hukbong Bayan
            G          A                  Bm
Isang tagumpay sa ating digmang bayan
          G           A      Bm
Isang tagumpay, isang tagumpay!

## KASAYSAYAN

E(C)
Ang kasaysayan ay minsan pa nating dalawin
                                        F#m(Dm)
Ang kasaysayan ng lahing sa atin nagluwal
                            B(G)
Ang kasaysayang hindi itinuro sa atin
                                        E(C)
Ng mga manunulat sa silid-aralang pormal.

 E(C)
Ang mga lupang minana nila sa kasalukuyan
                                F#m(Dm)
Nakaw ng mga pamilyang burgis at creole
                                        B(G)
Na noon pa ma'y nagtaksil na sa ating inang bayan
                              E(C)
Sa pakikipagsabwatan sa mga Espanyol.

*Refrain:*
G#(E)  C#m(Am)       A(F)
Ngunit ang anakpawis hindi nakalimot
E(C)                   B(G)
Hindi nakalimot sa nakaraan
C#m(Am)         A(F)               E(C)
Sa kasaysayang iginuhit sa puso, iniukit sa lupa't
         B(G)                  G#m(Am)
         isinulat ng dugo ng bayan
A(F)        C#m(Am)  A(F)          C#m(Am)
Sa dugo ng bayan,       sa dugo ng bayan.

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Nang magwagi na sa Espanya ang mga Pilipino
Inagaw ng Estados Unidos ang rebolusyon
Pati mga bata'y pinatay ng mga Amerikano
Na dinidiyos ng ating mga pinuno ngayon.

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Ang totoong manggagawang si Andres Bonifacio
Ay pinaslang ng isang palasukong heneral
At naitatag ang isang malayang gubyerno
Malayang tumupad sa mga patakarang kolonyal.

*Repeat Refrain*

**AWIT PAMBATA**

```
C        G        F        C
Nanay, nanay, nanay ko,
G7   C     G7     C
Ako sana'y turuan mo
C       G        F          C
Ako'y batang mayrong mata
G7         C    G7    C
Ang makita'y ginagaya

C                 G   F              C
Mata ay nasa TV, tenga'y nasa radyo
G7          C        G7      C
Napupulot namin sana'y totoo
C                G       F             C
Kung ano ang tama, sa amin ay ituro
G7              C          G7      C
Sa landas ng buhay ay hindi liliko

C       G       F      C
Tatay, tatay, tatay ko,
G7       C        G7  C
Buksan mo ang isip ko
C        G        F         C
Ako'y batang mayrong mata
    G7     C   G7      C
Ang makita'y ginagaya.
```

C G F C
Nais kong malaman ang katotohanan
G7 C G7 C
Ang aming paligid ay maintindihan
C G F C
Kung ano ang tama, sa main ay ituro
G7 C G7 C
Sa landas ng buhay ay hindi liliko.

C G F C
Nanay, nanay, nanay ko
G7 C G7 C
Ako sana’y turuan mo
C G F C
Tatay, tatay, tatay ko,
G7 C G7 C
Buksan mo ang isip ko.

*Counterpoint:*
*Pagsabayin ang 1st at 2nd stanza*
*Pagsabayin ang 3rd at 4th stanza*
*Pagsabayin ang 2nd at 5th stanza*

## KAPAG SINABI KO SA IYO

*Intro: D-DM7-C (3X)*
D A
Kapag sinabi ko sa iyo
G A
Na ika’y minamahal
D A
Sana’y maunawaan mo
G A
Na ako’y isang mortal
D A
Na di ko kayang abutin

```
     G              Em
Ang mga bituin at buwan
   D            A
O di kaya ay sisirin
   G       E     D-DM7-C (2x)
Perlas ng karagatan.
```

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Kapag sinabi ko sa iyo
Na ika'y iniibig
Sana'y maunawaan mo
Na ako'y taga-daigdig
Kagayan ng karamihan
Karaniwang karanasan
Dala-dala kahit saan
Ang araw-araw na pasan

*Koro 1:*

```
  Bm               F#m
Ako'y hindi romantiko
   G                 A
Sa 'yo'y di ko matitiyak
   Bm                 F#m
Na pag ako'y kapiling mo
    G              A
Kailanma'y di ka iiyak
        D               A
Ang magandang hinaharap
    G              Em
Sikapin nating maabot
    D                  A
Ngunit kung di pa maganap
  G                 E       D-DM7-C (2x)
Sana'y huwag mong ikalungkot.
```

*(tipa tulad sa unang saknong)*
Kapag sinabi ko sa iyo
Na ika'y sinisinta
Sana'y ibigin mo ako
Mulat ang 'yong mga mata
Kayamanan kong dala
Ay pandama't kamalayan
Na natutunan sa iba
Na nabighani sa bayan

*Koro 2:*
Bm F#m
Halina't ating likhain
G A
Isang malayang daigdig
Bm F#m
Upang doon payabungin
G A
Isang malayang pag-ibig
D A
Kapag sinabi ko sa iyo
G Em
Na ika'y sinusuyo
D A
Sana'y yakapin mo ako
G E D-DM7-C (2x)
Kasama ang aking mundo.

**WALANG HANGGANG PAALAM**

Am F G C
Di ba't tayo'y narito upang maging malaya
Am Dm Em
At upang palayain ang iba
Am F G C
Ako'y walang hinihiling, ika'y tila ganundin
Am Dm Em
Sadya'y bigyang laya ang isa't isa.

*Koro:*

```
  A                F#        Bm              Em
Ang pag-ibig natin ay walang hanggang paalam
       Am       F#           Bm                Bb
At habang magkalayo, papalapit pa rin ang puso
                      F#m      Bb        Em
Kahit na magkahiwalay, tayo'y magkasama
 A        F#m                   Bm/Em
Sa magkabilang dulo ng mundo.
```

*(tipa tulad sa unang saknong)*

Ang bawat simula ay siya ring katapusan
May patutunguhan ba ang ating pagsinta
Sa biglang tingin, kita'y walang kinabukasan
Subalit di malupig ang pag-asa.

*(Ulitin ang Koro 2x)*

## NASA ATIN ANG PANAHON

```
 G
Nais kong makipaglaro sa alon
           CM7                       G
At sa saliw ng hangin ay sumayaw
  C                                Bm7
Nais kong makatalik ang rilag ng kalikasan
               C           Am                  D
Ngunit mananatili bang pangarap na lamang.

       G
Mga dagat at ilog ay may lason at dugo
   CM7                   G
Kailan kaya ito mahihinto
   C                          BM7
Isang araw bawat tuwa ay papanaw
                             Am7                  D
Mga bata'y masasadlak sa hirap ng buhay.
```

   Am              G                       FM7
Halinang likhain, itayo ang bukas
 Am        C7           FM7
Para sa ating mga anak
  Am          G             FM7
Ipaghanda sila ng daigdig na sagana
  Am G                     Am
Nasa atin ang panahon.

G                         FM7
O, itayo ang bukas
Am    G                   FM7
Para sa ating mga anak
  Am          G               FM7
Ipaghanda sila ng daigdig na sagana
 Am    G                    Am            G          FM7
Nasa atin ang panahon, nasa atin ang lakas.

## HANGGANG SA TAGUMPAY

May pagkakataong madilim ang panahon
At ang hinahanap mong liwanag
Hindi man matunton sa dako pa roon
Ako’y kasama mong maglayag.

Sa gitna man ng unos
Sa gitna man ng dilim
Pananalig ay taon at ang pag-asa’y taimtim
Kalayaan ang gabay hanggang sa tagumpay
Sa digmang ito, kasama mo ako.

Nagsasangang minsan, ang ating daan
At kayrami ng balakid
Iba’t ibang hadlang, gabundok ang pasan
Problema ay hanggang leeg.

Kahit na buong daigdig ang makakalaban ko
Asahan mong mananaig ang pag-ibig ko sa ‘yo
Kahit na ang labanan ay isa sa sandaan
Sa digmang ito, kasama mo ako.

Kahit di maaninag, at kaylayu-layo pa
Ang mas mahalaga ay kakampi kita, sinta

**PAALAM**

*Pasakalye: E7*
          A             F#m      E            A
Alam kong darating ang oras na ito
      D              Bm7    C#7
Ang bawat isa ay magsasabing
      A           F#m      E          F#m
Paalam, kasama, paalam sa inyo
          D              E7                  C#7 (F#m)
Hanggang sa muling pagtatagpo.

      A          F#m          E              A
Salamat sa inyong mga payo at gabay
   D              Bm7           C#7
Salamat sa inyong pagdamay
      A           F#m    E             F#m
Sa mga sandaling tayo’y nagsama
   D            E           F#m
Sa hirap, gutom at tuwa.

   D              E          F#m                E
Sa aking paglisan, kayo’y laging kasama
    F#m          E                 F#m-E
Sa bawat hakbang ng paglaya
          D            E          F#m         E
Kami ma’y masawi sa gitna ng landas
  F#m                 E            F#m-E
Asahang may ngiti ang bukas.
*(Ulitin ang unang saknong)*